

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[02 August 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: To begin the discussion, I would like to yield the floor to Secretary Villar at bigyan niya tayo ng ano bang nagawa niya, ano bang nagawa ng administrasyon natin, ano bang nagawa ng DPWH para sa bayan. Nasaan ang pera ng tao, saan pumunta at anong ginawa namin --- `yung expectations ng tao, `yung gusto ninyong mangyari na makita ninyo `yung pera.

So, Secretary Villar, may proceed.

DPWH SECRETARY MARK VILLAR: Maraming salamat po, Mr. President, at ang ibabahagi ko po ngayon ang accomplishments po ng 6.5 million Build, Build, Build Team. Ito po ang pinakamalaking workforce sa kasaysayan ng ating bansa. At bago po sa termino ninyo, Mr. President, ang average spending ng DPWH sa huling limang dekada ay nasa 2.5 percent lamang sa kabuuang GDP ng ating bansa.

Ayon sa IMF, ang Pilipinas ay may mababang public investment kumpara sa ibang bansa sa **ASEAN** at ang recommendation nila ay gumasta ng at least 5 percent. So iyon po ang naging target natin. At kung susumahin po ninyo, ang total spending ng ating bansa sa huling dalawang dekada ay mas maliit pa rin kung ikukumpara sa spending natin sa huling apat na taon na nakaupo po kayo, Mr. President.

Lumalabas po na ang actual disbursement sa DPWH ay tumaas ng 209 percent **and** actual accomplishment in peso value mula 820 billion noong 2011 hanggang 2015. So ngayon po sa inyong termino, nakapag-implement na tayo to date 2.5 trillion worth of projects. So in terms of accomplishment,

Mr. President, malayong-malayo po at **sa** loob ng limang taon, mahigit-kumulang 6.5 million jobs ang na-generate dahil sa Build, Build, Build. At kahit na nasa gitna tayo ng pandemya, 1.6 million jobs ang na-generate noong 2021.

Ang utos niyo po sa akin, itulak ang mga reporma, so siguraduhin na tapos ang mga proyekto sinuman ang nagsimula at dapat mapakinabangan ng Pilipino kaagad. Marami po tayong proyekto na dalawang dekada na po ang dumaan, pinopondohan palagi pero hindi kailanman natapos ng dahil sa problema ng right of way.

So ang pagkaiba natin po ngayon under your leadership, malaki po ang naging improvements **sa** ating mga right-of-way strategies. So we are able to solve through reforms. Hindi na po nakaasa sa regional office, sa central office, para sa right of way, so na-delegate po, isa 'yan sa mga reporma. Ngayon po bawat implementing office mayroon ng legal division. Tinanggal na po natin 'yung outdated requirements for claimants. Naglabas po tayo ng bagong Right-of-Way Manual at automated na po ngayon ang right of way application at monitoring.

Nag-create din tayo ng [2,079] positions sa regional and district level at pinabilis din po natin ang appraisals sa pamamagitan ng MOA sa Land Bank. So kung dati matagal ang appraisal time dahil sa MOA po mabilis na kaya nakukuha kaagad ang right of way.

At nagkaroon din po tayo ng Special Expropriation Courts. Malaking bagay din po 'yung special courts para makatutok --- matutukan ang ating mga right-of-way needs. At ngayon po kapag delayed ang project by at least 5 percent, makatanggap na po sila ng warning at magsa-submit sila ng catch-up plan at 'pag umabot na sila ng 15 percent, hindi na sila puwedeng sumali sa mga biddings.

So it was **only** this term --- it was only under your term na naging automated po ang monitoring system ng DPWH. Ang tawag po namin sa sistema ngayon 'yung PCMA. So kung dati po naka-Excel sheet, ngayon po automated na po ang ating mga project monitoring, plotted na po ang coordinates ng bawat projects sa system, hindi na puwedeng dayain. Mayroon po tayong geotag photos at 'pag ginamit mo po 'yung geotagging, makikita kaagad kung ano po 'yung totoong location. So hindi na po puwedeng dayain ang ating mga projects sa monitoring kaya wala na po 'yung mga ghost projects sa termino niyo po.

So iyon ang mga reforms at ngayon po gusto kong ibahagi po ang ating mga projects. Ang isa po sa pinakaunang utos ninyo is to solve the Metro Manila

traffic. Noong pumasok tayo sa 2016, ang nawawala po sa atin ay 3.5 billion pesos a day dahil sa Metro Manila traffic at ang expectation is mag-i-increase po ito to 5.4 billion pesos a day kung hindi po tayo kikilos.

At isa po sa mga solusyon na ginawa natin po ay 'yung EDSA and Metro Manila Decongestion Plan. So ito po ay may halaga na 240 billion. It includes 11 bridges and 14 roads and expressways. Ang EDSA ay 23.8 kilometers with a maximum capacity of 288,000. At ang purpose po ng masterplan ay mabawasan ang EDSA ng at least 120,000 vehicles para makabalik sa original capacity.

So isa po sa mga pinakamahalagang proyekto po sa EDSA Decongestion ay ang Metro Manila Skyway Stage 3. Noong December 2020, ito po'y na-inaugurate. Ito po'y may habang 18 kilometers, nagsisimula sa Balintawak at hanggang Buendia sa Makati. At ang travel time mula Buendia hanggang Balintawak, kung dati po umaabot po ng dalawang oras, ngayon po 15 to 20 minutes na lang. And as of now, bukas na po ang 14 ramps at mayroon po tayong 13 ramps additional na bubuksan pa.

At para lang sa kaalaman ng ating mga kababayan, noong --- hindi po natapos ang Skyway Stage 3 under the original alignment. Noong pumasok po tayo, 4 out of 47 NGCP poles pa lang ang nalipat. Marami pang mga right-of-way issues na hindi pa na-solve. Wala pang malinaw na alignment at hindi pa nila alam kung saan babagsak 'yung Skyway. At at that point, 8 percent lang ang natapos in terms of civil works.

So noong 2018, nagkaroon ng memorandum of agreement para baguhin 'yung alignment dahil hindi feasible 'yung dating alignment. At dahil dito --- kayo po ang nag-approve nito 'yung bagong alignment --- makikita niyo po sa mapa 'yung purple, 'yung dati po 'yung orange. Iyong purple ang naging bagong alignment at kung hindi natin ginawa 'yan, hindi talaga matatapos po ang Skyway.

So ito po ay isang example ng political will. At siyempre po sa dulo po ang original plan babagsak siya sana sa EDSA, so magkaka-traffic pa kung itinuloy po natin 'yung original plan. Binago po natin at ang bagsak ng Skyway ngayon direktso na sa NLEX. So napakaganda ng connectivity ng Skyway Stage 3. At ngayon nakikita na po natin napapakinabangan po ng ating mga kababayan. So iyon ang kwento po ng Metro Manila Skyway Stage 3. Noong pumasok po tayo 8 percent lang.

Ngayon ang NLEX Harbor Link, kayo po ang nag-inaugurate nito at nabuksan po natin 'yung Segment 10. At kung dati aabutin ka ng isang oras from Caloocan to Valenzuela, noong natapos ito limang minuto na lang ang

biyahe. Na-extend po natin ang Harbor Link Segment 10 at nagawa 'yung C3 Extension. Noong natapos po itong project, nakikita niyo po from Port Area to NLEX was reduced from 60 minutes to 10 minutes.

Ang bagsak po nito ay nasa port. So 'yung lahat po ng trucks na galing sa port hindi na kailangan dumaan sa ating mga service roads. So ito po nandoon po kayo sa inauguration ng NLEX Harbor Link C3- R10 Section.

At ngayon po magbibigay din po ako ng isang ehemplo ng --- ito isang project na tatlong dekada na **na** hindi pa ma-resolve 'yung right of way, 'yung Radial Road 10, at hindi talaga magawan ng paraan. But in the first six months of your administration, na-solve kaagad itong Radial Road 10 dahil maraming nakaharang sa highway. Noong natapos po ito noong 2017 --- at isa po itong example ng mga projects na natengga ng ilang dekada na na-solve lang sa term --- sa inyong administrasyon.

Ito po ang NLEX-SLEX Connector Road. Ito po ay matatapos sa susunod na taon. Ito ay may habang 8 kilometers na nagko-connect sa NLEX Segment 10 at sa C3 Road hanggang Skyway Stage 3. Ito po ay makakabawas sa EDSA at ang design nito ay para sa mga trucks.

Sa ngayon po hindi nakakadaan ang trucks sa Skyway Stage 3. Ito, design -- ang design po ng Connector ay para --- specifically, para ma-service 'yung mga trucks na galing sa port kaya malaking ginhawa po 'pag natapos po ito.

By this year, bubuksan po namin 'yung isang segment hanggang España at matatapos 'yung buong Connector Road sa loob ng inyong term, by next year, first half of next year, matatapos po. So anywhere, 'pag nabuksan na po natin ang rampa ng Connector, every city --- we will be able to connect every city in Metro Manila within 20 to 30 minutes.

Sunod naman po ang Alabang-Sucacat Skyway Connection. Natapos po ang northbound ramp so noong Abril at matatapos na po 'yung southbound sa fourth quarter this year.

Ito po ay Skyway Extension para sa ating mga kababayan na papunta sa Laguna; or kung galing po sa Laguna, or Cavite, or Batangas, makikinabang din sila dito. Travel time from C-5 --- travel time will be reduced significantly from Region IV-A to Metro Manila.

Ito po 'yung C-5 South Link Expressway, iko-connect niya po ang CAVITEX sa C-5. Ang travel time will be reduced from 40 minutes, kung dati 40 minutes ang biyahe, 10 minutes --- magiging 10 minutes na lang at

siyempre malaki ang mababawas sa EDSA `pag natapos po itong South Link and matatapos po ito by the... May isang section na nagagamit na, na tapos na, at by the end of your administration, tapos na `yung buong proyekto.

At ito po `yung next. Ito po `yung C-6 Phase 1, Southeast Metro Manila. Ito po ay mula Bicutan hanggang Batasan. Mababawasan ang biyahe from one hour and 50 minutes to 26 minutes. Ongoing na po ang C-6. Makikita niyo po, `yun po `yung construction.

Ang Laguna Lake Highway. Ito po ay isang highway na natapos na po sa inyong --- nasimulan at natapos po sa inyong administrasyon, na may habang 6.94 kilometers. At ngayon, `yung biyahe po from Taytay to Bicutan, from one hour to 30 minutes. At ito po `yung first highway in Metro Manila na may independent bike lanes. So makikita niyo po sa gilid ito ay independent bike lanes na may view ng Laguna Lake. So tapos na po `yan.

At ito po `yung Kalayaan Bridge na-inaugurate po noong Independence Day natin, at nabuksan na po natin ang first section hanggang Makati. At ngayong Setyembre --- ngayong Setyembre, matatapos na rin po `yung rampa papunta sa BGC.

Sunod naman po ang Binondo-Intramuros Bridge, 29,000 vehicles a day ang expectation natin dito at we are target --- ma-target --- ang target po matapos this year ang Binondo-Intramuros Bridge, crossing Pasig River.

Sunod naman po ang Estrella-Pantaleon Bridge. Na-inaugurate na po natin ang Estrella-Pantaleon Bridge connecting Makati to Mandaluyong. So 50,000 cars a day po ang guma --- ang expectation natin sa Estrella-Pantaleon, tapos na po.

At ang gusto ko rin ipre --- hindi lang po sa... Ang binanggit ko lang po `yung Metro Manila Decongestion Plan, pero mayroon din po tayong High Standard Highway Plan para sa ibang urban areas.

Unahin po natin ang Metro Cebu Expressway na may habang 68.5 kilometers. Itong plano po ay gawa ng JICA so na-extend po ang masterplan natin. So ongoing na po, may section na malapit nang matapos sa Metro Cebu Expressway mula sa Naga City hanggang Danao City. So ang biyahe na tatlong oras dati, magiging isang oras at 10 minuto na lang.

Ngayon po, isa po ito sa pinakamahabang tulay sa Pilipinas, `yung Cebu-Cordova Link Bridge. Ito may habang 8.5 kilometers at kino-connect niya `yung Cebu sa Mactan. Matatapos po ito first quarter of next year.

At asahan din po natin, travel time mula Toril hanggang Poblacion ay mababawasan mula 45 minutes hanggang 15 minutes na lamang sa tulong ng Davao City Coastal Road.

At ito po `yung masterplan ng Build, Build, Build, `yung Luzon Spine Expressway Network. Travel time... Ang purpose nito ay mabawasan ang travel time from Ilocos, north to south, from 20 hours to 9 hours, magkaroon tayo ng isang expressway from north to south.

So `yun ang Luzon Spine Expressway Network. Ano po `yung mga highways? Una po `yung TPLEX. Natapos `yung buong alignment sa term niyo po. Ito may 89 kilometers. So ngayon, mas mabilis ang biyahe papuntang La Union.

Next, `yung Central Luzon Link Expressway, ayun, 30-kilometer lane connecting Cabanatuan to Tarlac. Nasimulan at natapos po sa term niyo. At ang dating biyahe na 70 minutes ay 20 minutes na lang between Tarlac and Cabanatuan. So tapos na po ang --- may kaunting --- halos tapos na po `yung Central Luzon Link Expressway.

Sunod po ang Cavite-Laguna Expressway na may habang 44 kilometers. Sa pagtapos ng proyekto, asahan natin na ang travel time mula CAVITEX hanggang SLEX, mula one hour and 30 minutes, magiging 40 minutes na lang. At natapos --- malapit nang matapos `yung bagong section ng C --- ng CALAX. So puwede na pong i-inaugurate, hanggang Cavite na po.

Ito naman, ang TR4, apat na beses na po **ito** na-inaugurate at ngayon lang nagkaroon ng civil works sa inyong administration, sir. At ito iko-connect naman ang Batangas sa Quezon, may 66 kilometers. Ongoing and bago matapos ang inyong term, aabot na po sa Quezon ang TR4. So ongoing na po `yung construction at full.

Atin naman puntahan ang Inter-Island Link Bridge Project. Makikita niyo po ang listahan ng mga bridges. Marami --- malaki na ang accomplishment in terms of planning.

Ito `yung Panguil Bay Bridge, ang pinakamahabang tulay sa Pilipinas connecting Lanao del Norte and Misamis Occidental, 3.1 kilometers. Ang pinakamahaba ngayon `yung San Juanico Bridge, ito po mas mahaba po. At `yung dating biyahe na 2.5 hours, baka maging five minutes na lang. And ongoing na po `yung Panguil Bay Bridge, so 24/7 na `yung construction.

At ito po ginagawa po namin ngayon with --- sa tulong po ng ADB. Isa sa pinaka-ambitious na projects natin. Ginagawa na po 'yung in --- detailed engineering design ng Bataan-Cavite Interlink Bridge. Matatapos na po 'yung detailed engineering design sa December. Ito po ay isang bridge na 32 kilometers ang haba.

At atin namang saksihan ang iba pang infrastructure projects sa ating bansa. Una 'yung Apayao-Ilocos Norte Road, cutting the travel time between Laoag and Calanasan by half, from six hours to three hours.

Next, 'yung Urdaneta City Bypass Road, tapos na po at ito po ay sa Pangasinan. Mula Villasis Town to Binalonan, mahahati po ang travel time. Tapos na po ang --- ginagamit na po.

At 'yung Candon City Bypass Road sa Ilocos Sur. So mabigat ang traffic sa Candon pero ngayon po hindi na nata-traffic para sa mga pupunta sa Norte. At bahagi po ng ating --- nandoon po kayo sa in-inaugurate na po natin.

At pati 'yung San Fernan --- pati 'yung San Fernando Bypass Road, ito po ay malapit nang ma-open, by this year, mabubuksan na po. Bahagi po ito ng Luzon Spine Expressway Network. So 'pag natapos po ito, hindi na mata-traffic sa San Fernando, mas mabilis ang biyahe papunta sa Ilocos Sur.

Ang Pigalo Bridge sa Isabela naman. Ito, natapos na po ito. So 'yung --- 'yung travel time from dati 'pag namamangka 30 minutes, magiging two minutes na lang at 10,000 a day ang nakikinabang po sa Pigalo Bridge sa Isabela na completed.

Ito rin 'yung Abusag Bridge. Isa po itong bridge na target to be completed -- - halos complete na, 90 percent, sa Cagayan.

[Next slide, please.]

Sa Bulacan naman po. Ito po ay isang natapos na rin po sa ating administrasyon, 9.6 kilometers sa Bulacan. So 'pag papunta kayo sa Baliwag galing po sa NLEX, hindi na kayo mata-traffic, tapos na po.

At ito po 'yung Sariaya Bypass Road sa Quezon, 'pag pupunta kayo sa Bicol, doon nagkaka-traffic sa mga towns sa Quezon. So isa po ito sa mga bypass roads na natapos --- na-inaugurate na po. So decongestion by 70 percent, nabawas.

At hindi lang tayo gumagawa ng mga kalsada. Marami po tayong mga industrial locators sa Cavite, kaya gumawa po tayo ng Flood Risk Management Project sa Imus River.

So ito ay isang malaking retarding basin na makakabawas sa flooding sa Cavite and almost --- malapit na pong matapos.

Ito po sa Bicol. Marami po tayong proyekto sa Bicol. Alam naman natin na mahal na mahal niyo po ang mga Bicolano kaya natapos na po --- halos tapos na po ang Sorsogon City Coastal Bypass Road. Makikita niyo naman 'yung before and after at malaki po ang nabawas sa traffic sa Sorsogon City.

Pati sa... Ang susunod po sa pati... Sa Bicol, 'yung Camalig Bypass Road. Isa sa pinaka --- isang kalsada na napakaganda dahil napakaganda ng view ng Mayon Volcano. Ito po ay nasa Albay at ito po ay papun --- para sa mga pupunta sa Legazpi, malaking bagay sa traffic at ito po ay natapos na.

Isa sa pinakamahabang bridge sa Panay Island, ito po 'yung Kalibo Bridge. So iyong biyahe po na from Caticlan to --- from Kalibo to Caticlan, nabawas po from 75 to 60 minutes at na-deliver na po itong pro --- tapos na po itong proyekto, Kalibo Bridge.

Sa Bacolod naman. Iyong Bacolod-Negros Economic Highway connecting the airport to Bacolod. Ito malaki na ang accomplishment dito. Malaki 'yung project pero ginagamit na po. So mabilis na ang biyahe. 'Pag galing po kayo sa Bacolod-Silay Airport papunta sa Bacolod, nabawasan po ang biyahe from --- to 25 minutes.

Ito po ang pinakamalaking project --- masterplan project sa Samar. Ito po ay papunta sa Las Navas. Napaka-challenging ng implementation pero malapit na rin matapos itong proyekto. Nagpapasalamat kami sa AFP. Ito ay ko-connect 'yung mga "Pacific Towns" sa Samar at ito ay may halagang 1 billion pesos na --- at foreign-funded ng Korean Government. So ito po ay made-deliver by first quarter next year bago matapos ang inyong term. The biggest project in Samar Province.

Ito naman sa Marawi City. Iyong China grant, 1 billion --- almost 1 billion pesos po ang halaga ng proyektong ito. At ito po ay 90 percent complete at ma-i-inaugurate na po natin. Ito po ay 'yung Marawi Road Network. So malaki na po ang accomplishment and malaki po ang improvement sa road network natin sa Marawi.

[Next slide.]

Ito po ay pinakamalaking masterplan sa Zamboanga Peninsula. Ngayon lang po nagkaroon ng ganitong klaseng masterplan sa Zamboanga Peninsula, 230 kilometers of road kasama po 'yung mga bridges at pati 'yung bridges sa Tawi-Tawi, kasama na po sa masterplan. It's already ongoing. Karamihan po ng mga projects ay substantially completed at pipilitin talaga namin matapos itong masterplan para sa Zamboanga Region. Napakalaki ng improvement sa road network nila dahil sa masterplan ninyo.

Ito naman po sa Zamboanga del Sur. Magkakaroon ng --- sa ngayon po walang connection. Hindi masyadong maganda 'yung connection between Zamboanga del Norte at Zamboanga del Sur. Dahil dito, magkakaroon ng magandang connectivity at 'yung dating biyahe na anim na oras, magiging dalawang oras na lang. So ito po ay ongoing at isa sa mga priority natin. Ang makikita niyo po ang iyong accomplishment.

At sa Cagayan de Oro Coastal Road. Ito. Noong pumasok po tayo, napakalaki ng problema sa right of way, na-solve na rin natin. At ngayon, dahil sa Cagayan de Oro Coastal Road na may 93 percent completion, ang traffic nabawasan ng 30 percent.

[Next.]

Ito naman sa Region XII, sa General Santos City, 'yung 66.7 kilometer upgrading ng Surallah-T'boli-San Jose Road will significantly reduce travel time to GenSan from two hour --- iyong dati po two hours, magiging 45 minutes na lang. Multi-billion peso project. Malaking bagay po sa tourism at sa ekonomiya ng Region XII.

[Next slide, please.]

Sa Surigao del Norte, ito para sa tourism, para sa Siargao, enhancing the connectivity sa world-renowned destination. Ito ay may halagang 848 million at may 98 percent completion.

So para i-summarize ko lang in numbers kung ano po ang na-accomplish or natapos po natin sa inyong administrayon. In terms of road accomplishment: 29,264 kilometers of road --- either constructed, maintained, upgraded, rehabilitated --- 15,134 ongoing. Sa bridges: 5,950 completed under your administration with 1,859 ongoing.

[Next.]

Sa flood control: 11,340 completed with 4,155 ongoing and to be finished in your term. At sa school buildings, ito po ang pinakamalaki, hindi pinakamarami sa kasaysayan ng ating bansa: 150,149 school buildings completed with 17,647 ongoing. Malayong-malayo po 'yung accomplishment po natin sa school buildings.

Sa evacuation centers. Ngayon lang po tayo nagkaroon ng programa sa evacuation centers. Naka-complete na tayo ng 222 at karamihan po ng mga evacuation centers ay ginagamit na bilang isolation facilities para sa COVID, at mayroon din po tayong 105 ongoing.

Bago kayo pumasok, walang evacuation centers in the country, wala po. At ang TIKAS, ang support po natin sa ating mga Armed Forces: 133 projects completed sa TIKAS. Makikita niyo po 'yung mga barracks na ginawa, 'yung shooting range na world-class, 'yung mga administrative headquarters at 'yung mga plane -- ah 'yung mga plane hangars, kasama po sa TIKAS Program. Nagkaroon lang po tayo ng TIKAS sa inyong administrasyon, Mr. President, dati po wala po tayong TIKAS Program.

Tourism road infrastructure: 2,436 kilometers of tourism roads. Kasama po diyan --- kasama po 'yung Boracay Circumferential Road na ngayon po pagka --- pagpunta niyo po sa Boracay, mayroon ng drainage, malapad na, may sidewalk, at napakaganda ng teamwork natin ni --- ng ating Boracay Interagency kasama po si Sec. Cimat, Sec. Año, Sec. Bernadette, at Sec. -- - Sec. Berna Romulo-Puyat, at iyon ang... Malaki po ang accomplishment din natin sa mga tourism infrastructures.

At ito po ay programa na nasimulan sa inyong termino, 'yung support sa ating mga trade and industry, 704 kilometers leading to industries and trade corridors, kasama po 'yung Poro Point at iyong mga ibang areas na may maraming industriya.

At ang KATUPARAN Program. Ito po ay para suportahan ang ating mga seaports dahil sa dami ng ginagawa ni Sec. Art Tugade, marami na siyang ginawang seaports, airports, roadports, kailangan nating suportahan ang mga kalsada. Ito po 'yung programa natin. So mayroon po tayong 443 kilometers of access roads completed.

At siyempre po sa ating mga magsasaka. Farm-to-market roads, nakagawa pa --- nakagawa po tayo ng 2,025 kilometers of farm-to-market roads that were completed under your term.

[Next.]

And finally, sir, nais ko pong i-report 'yung nagawa natin para sa COVID response para makita din ng ating mga kababayan kung ano 'yung mga programa natin para tumulong sa --- para maging ano minimized 'yung effect ng pandemic. So sa ngayon po, nakatapos na po tayo ng 739 facilities na may capa --- bed capacity of 2[7],302.

So maraming salamat po. Iyon po ang update ko po sa mga accomplishments ng DPWH. Maraming salamat, sir. *[applause]*

PRESIDENT DUTERTE: Maraming salamat, Secretary Villar. You know what, pareho kayo top performers. But in terms of largest projects, natural, it will always be the DPWH. Ang galing mo.

Ang problema ng ano kung tatakbo ka ng senador, sabi pa nitong isang ulol na mayor, "Mag-ngiyaw-ngiyaw ka lang diyan sa Congress." Kung wala ka dito sa executive department, talagang nagtatrabaho ka.

Manghinayang ako pagka tumakbo ka ng senador at manalo ka naman. Mawalaan 'yung executive department ng mga taong kagaya mo. So I would like to say in behalf of the --- a grateful nation sa mga tao kagaya ninyo. Ang pera ng tao talaga nakikita.

Come to think of it. Mayroon akong pina-relieve na about 11 or so --- I forgot the number but 'yung mga DPWH na regional directors. Are they still...? *[Sec. Villar: Na-relieve na po.]* Relieved na lahat? Oo.

Ang sunod drug buy-bust operation. Iyong droga... I'll take my time here. There was this drug --- drug buy-bust operation sa Holy Star. Alam mo ba kung bakit sinadya ko ito dito, it's because it is one of the largest, 1 billion something ito lahat, yesterday.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: 1.4.

PRESIDENT DUTERTE: 1.4 billion.

SEC. AÑO: 1.48 billion po.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon ang... I'd like to commend the PNP, the --- itong drug body, itong PDEA. [*Next slide, tingnan natin.*] Wala na?

Iyan. Kaya 'yung Human Rights, sabi nila si Duterte, "killer, patay, patay, patay, patay", kita mo naman ang ginagawa ng mga ulol. Itong... Iba ito ha. Iba ito, eh simultaneous raids 'yan kahapon. Iba rin ito. Kita mo 'yung packaging, iba 'yung product nila. Ito na 'yung nahuli. Ganoon katindi ang drug situation sa Pilipinas. Kaya...

Well, that's --- that explains my reason for my fumigation in public. Talagang galit ako sa ano. Iyang --- 'yang ilang taong masira nito. Ilang pamilya ang masira mga bata na hindi na makapagtuloy ng aral. Rich or poor ganoon ang tama dito. [*Next slide.*]

Ito iba na naman. Tingnan mo 'yung packaging oh. Shabu 'yan ha. 'Pag binitawan 'yan sa buong Pilipinas, sa Maynila, ilang tao maging gunggong niyan.

You know what, when a person is addicted to drugs and he uses drugs for about a year or two, the immediate consequence --- iyong pinaka-immediate consequence would really be that his brain will shrink, iyong utak liliit.

So if you have a son or daughter, given to it drugs, tapos ganoon ang gamit nila, the propensity to use the meth, they call it. Alam mo, may anak ka na dalawa o isa na wala na, he is no longer... Well, at least he's a human being but wala na robot na 'yan sa bahay nakatanga na lang. Staring at the kung ano tapos 'yung mga walang pera 'pag sinakyan 'yung unggoy sa likod, kagat-kagatin na 'yung likod niya, that's the time that he will... Iyon ang sinasabi nila 'yung gusto na talaga niya ng droga maghanap, hook or by crook kung napabili niya 'yung mga bagay-bagay sa pamilya nila pagkatapos kung wala na, magnakaw then eventually mag-holdup, magpatay.

At ang problema niyan pagkatapos nang makahigop ng droga, itong mga animal na ito will go on a rampage, killing people, children. Ang pinakaano is the vulnerable, the children, iyong mga bata na babae na ni-rape at saka 'yung mga bata na lalaki at pinapatay at 'yung mga babae. So 'yung vulnerable talaga sa ating society, wala ka naman diyan sa bahay, lahat nagtatrabaho, ang maiwan ang asawa.

Look, isipin mo lang kung ano ang magagawa nitong sa utak ng tao at isipin mo 'yung mga asawa ninyo, pamilya ninyo sa gabi na wala ka nagtatrabaho, o asawa mo nag-iisa, nag-ano ng bahay --- nagbabantay ng bahay, nagluluto, naghihintay sa mga anak.

Ang problema kasi nitong... Ano --- anong problema nitong Human Rights? Ang tinitingnan lang... Kaya ayaw --- kaya ayaw kong... You know, I do not want to magmura.

I'd like to say something about the itong State Department. Be careful. Be careful of what you are planning or doing there because you yourself, your country is --- hindi lang was --- is guilty of also of so many violations of human rights. Kung ma-address ninyo 'yung mga historical kagaya namin dito, 'yung historical injustice committed against the Moro people.

Kaya nga kami nakikipag-areglo, tapos kami... Walang listahan sa mga kriminal. Walang pinapakita nitong mga ganito. *[Ano man itong flashlight mo, hindi man ito mag...Ah nandito, ah mataas pala. Ayun.]*

Bakit hindi niya ipakita ito? Anong ginagawa sa tao ng mundo? At 'yung mga listahan sa mga pinatay, bakit listahan lang sa pinatay ng mga kriminal? Sagutin nga ninyo ako diyan.

Alam mo kung gusto talaga ninyo akong... It's over my dead body. Makuha ninyo ako, dalhin ninyo ako doon sa Netherlands patay. You will have a carcass. Hindi ako pupunta doon buhay, mga ulol. Pero 'pag nakita ko kayo dito, na unahan ko na kayo. Mga I**** kayo. Ito namang Human Rights...

Kaya tama lang gusto ko... *[Next slide.]* Oh ito, Valenzuela. Palagi itong p***** j***** Valenzuela na ito. Buy drug operation in front of... Ito sabihin pa nito ng --- itong mga ano --- mga ano ito sinadya ito, parang gi-frame up. *[Ah ito. Oo. Next slide.]*

Mga results oh, 16 kilos suspected shabu with an estimated value of the Philippine --- 108,800,000. May kotse pa ang g***. Inyo na 'yan. Wala naman... Sino man idemanda ninyo? You forfeit it in favor of the government. Magamit pa 'yan sa mga tao. There should be a proceeding where the si... Itong sa matapos ipresinta as evidence, ibigay na kaagad sa - -- 'yang mga pulis --- pulis walang sasakyan.

Ang sinasabi ko 'yung masakit sa akin 'yung pinapupunta ng mga ating mga kababayan na babae, both Muslims and Christians, and they go there doon sa mga foreign countries and they are raped there. Magpapadala sila ng pera, tinitiiis nila 'yung rape araw-araw para lang makapagdala ng pera, thinking na nag --- nag-aaral 'yung anak nila, 'yung pera ginagamit. Hindi nila alam na 'yung pagod niya, 'yung katawan niya ang --- ang nanay niya ang katawan ang kapital para lang magkapera. Magpadala na doon, "Mag-eskwela ka, anak" tapos dito pupunta 'yung pera. Tapos 'yung tatay maglasing, kaya hiwalay na pag-uwi at wala na ang pamilya, in shambles, in --- dysfunctional na. Ito...

[Next slide.]

Ah inyo na 'yan. After the forfeiture proceedings, tell the judge ibigay mo na sa amin 'yan. Magamit pa 'yan ng gobyerno.

[Next slide.]

Bulacan oh na naman oh. Buy-bust resulting in armed encounter. Ito lumaban. Tapos sabihin naman ng ano extrajudicial killing. Maraming participating ano, hindi natin banggitin but primarily pulis 'yan pati PDEA, pati military. Kasali ang ano, diyan, 'yang --- ayan oh, AFP.

You know why? Because Gloria raised the issue of drugs to the level of a national security. 'Pag national security issue, it is really now the work of the police and the military, kasali na ang military diyan. They cannot, you know, make excuses of not participating because 'yung proclamation binds everybody to contribute to the national security.

[Next slide.]

Oh ito oh, naka-eskapo pa. Killed during encounter. Oh may namatay pala. Ito, baka sabihin extrajudicial killing na naman.

[Next slide.]

Five hundred ten million, ito `yung nakuha galing sa kanila, ito. I think this is the gun that kaya namatay, may baril. Sinasabi ko may baril talaga `yang mga `yan eh. May mga identification cards pa; Nokia, Honehua, bagong telepono `yan ah; 75 kilograms, ayan oh. Kaya billion kahapon.

[Next slide.]

Ayan. *[Iba naman.]* Iyan lahat pinagbibili para sa Pilipinong g***. Alam mo, sa totoo lang, ang tingin ko sa tao na pumasok ng droga, ang IQ mo katorse lang. Kayong mga estudyante, `yung mga binata, babae, lalaki, pati `yung mga matatanda, bakit papasok ka sa bagay na sisirain ang ulo mo? Eh `di huwag ka na lang maghintay na `yung utak mo talagang wala na, parang mung --- isang munggo na lang.

[Next slide.]

Iyan, iyan ang mangyari. Iyan, `yan, `yan, `yang may... Tapos sabihin ninyo na ano. Iyan, `yan droga oh. Pasok kayo sa --- pasok pa kayo, ganyan talaga mangyari sa inyo. Pasok kayo... Kung ayaw mo magtrabaho however humble it may be `yung trabaho mo, bakit mo hindi tanggapin na lang at `yan ang suwerte mo kaysa...? Sabagay madali `yan.

`Pag tama niyan in about... `Pag tinamaan ka sa liver, kidney, pancreas, wala na, diretso and you have about a few seconds of consciousness to realize the folly that you have made in this world. Iyan si --- sinong gustong sumunod?

To the team, both from ano from the different agencies, police, PDEA, Army, mga intelligence community, I'd like to commend you. Congratulations.

Pakinggan ninyo ako. Ipalagay na natin totoo `yang sinabi, ipagpalagay na natin totoo `yang sinabi ng human rights, p***** i** sinong nakinabang diyan? Ako? Ako ang nakinabang? Pamilya ko? Nakinabang sila diyan sa

p***** i***** mga patay na 'yan? Sino? Sinong nakinabang? Kayo, ang anak ninyo, ang bayan natin ang nakinabang.

Sino nalagay sa alanganin? Ako, pamilya ko, 'yung buhay nila, gaganti 'yang mga y*** na 'yan. Eh hindi naman ako milyonaryo na may isa akong squad diyan sa likod nagbantay. Ako pa ang napoproblema ngayon, p***, ako. Ang nakinabang kayo, kayo mga Pilipino sa totoo lang.

So 'yan lang. Medyo naano na tayo. We go now to the presentation of reports at least. Secretary Duque, can you explain more itong COVID-19 Delta? Everybody is afraid now. Kindly tell us.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go, Chair of Committee on Health; ang akin pong mga kasama sa IATF at sa Gabinete; at higit po sa lahat sa atin pong mga kababayan, magandang gabi po muli sa ngalan ng Department of Health. At muli ako po ay magbabahagi ng isang maikling ulat ukol po sa COVID-19 situation at mga iba pa pong mga impormasyon at kaakibat na mga kaalaman patungkol po sa COVID-19 at ang nag-uumpisang kumalat na COVID-19 Delta variant.

Ngayon pong ika-2 ng Agosto ngayong taon, mayroon po tayong naidagdag na 8,167 total cases. Ito po ay 1,605,762. At ang active cases po ay 3.9 percent, ang katumbas po nito ay 62,615. Samantalang ang recoveries po natin ay nasa 94.35 percent at mayroon po tayong case fatality rate na 1.75 percent, at ang pangkalahatan pong bilang ng pumanaw ay 28,093. May naidagdag pong 77.

At ang sa atin pong bagong kaso na 8,167: 2,074 --- nandoon po sa bandang kanan ang bilang --- ay mula po sa National Capital Region; samantalang ang 1,476 sa Region IV-A; at 873 naman po sa Region VII; at sa natitirang mga rehiyon ay may naitala pong 3,744 cases.

Para naman sa atin pong mga top areas na nag-aambag sa atin pong caseload, ang Cavite po nangunguna sa 521 cases; Laguna, 437; samantalang ang Quezon City ay 399; sumunod ang Bulacan and Cebu City.

At habang para sa mga Pilipinong may edad naman na 50 hanggang higit walumpung taong gulang, ang case fatality rate ay 5.47 percent. Ito po ay halos labintatlong beses ang taas doon po sa ating case fatality rate; sa mga less than one to 49 years of age, at .42 percent. Kaya ito po ang

pinakadahilan kung bakit binibigyang prayoridad ang atin pong mga matatanda.

Ito naman pong sunod ang epidemic curve natin para sa limang mga lugar sa Pilipinas. Ang atin pong blue epidemic curve ay ang nire-represent po nito ay ang NCR. At makikita po natin bumaba siya hangga't nitong mga nakaraang dalawa --- dalawang linggo. Nakikita natin tumataas na naman po ang NCR.

Ang pulang linya, 'yung epidemic curve naman ng rest of Luzon, iyong pula na 'yan ay tumataas, bandang dulo kung makikita natin, ayon, pataas po lahat 'yan.

Samantalang ang Plus Areas, ito po ay kulay green na epidemic curve, iyan po ay tumataas din; at ang Visayas naman 'yung aqua --- aqua blue; at nandiyan din po ang Mindanao. Medyo mababa ng kaunti ang pagtaas ng Mindanao.

So ang atin pong seven-day moving average reported cases per day tumaas po ng 23 percent ngayong linggo, mula po 5,935 noon lang pong July 20 to July 26. Kaya malinaw na malinaw po na halos lahat po ay nagtataasan na ang bilang ng mga kaso.

And for the last slide, Mr. President, ito po ang ating mga key messages o bilang pagbubuo. Una, nakikita po natin ang epekto ng Delta variant. Alam po natin, Mr. President, ang Delta variant ay 60 percent more transmissible. Mas mabilis po itong makapanghawa kaya nakakatakot po ito.

Ang kanya pong rate of transmission ay five to eight ang kanya pong kakayahan, 'yung score ng kanyang pagdami at mabilis po na kumalat ito lalo na kung wala pong sapat na mga proteksyon ang atin pong mga kababayan ay talagang ito na po siguro ang isa sa pinakamalaking dahilan nang mabilis na pagtaas ng atin pong mga kaso.

So alam din po natin na ang Delta variant is three times more contagious than the original Wuhan wild virus at kaya talaga naman po na kailangan bantayan po ito.

At ang mga healthcare utilization rate --- at kung maaari magpatupad ng higher community quarantine classification. At pangatlo po, para sa mga lokalidad na may high at critical risk cases at high healthcare utilization rate, kinakailangan bilisan ang paglalaan ng sapat na COVID-19 beds upang mapigilan ang pagtaas ng COVID-19 deaths.

At huli, hinihikayat rin namin ang mga lokalidad na may high at critical risk cases ngunit nasa low at moderate risk pa ang kanilang HCUR, na magdagdag ng COVID-19 dedicated beds upang hindi mabilaukan o ma-overwhelm ang kanya-kanyang local health systems.

So ako po ay nananawagan sa atin pong mga hospital chiefs na sa lalong madaling panahon ay gawin ang lahat para ma-convert ang inyong mga isolation beds into intensive care unit beds dahil ito po ang serbisyo na talagang makapagpapagaling ng atin pong mga severe and critical COVID cases, bagkus ito po ang makakapagsalba ng mga buhay.

So ito na lang po ang pinakahuling bahagi ng aking ulat, Mr. President. Ako po'y handa na sa inyong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Duque. Now we go to Secretary Año for his report.

SEC. AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; fellow public servants; workers in the government.

[Next slide, please.]

Sa tumataas pong COVID cases sa bansa, lalo na dito sa NCR, pinaigting natin ang pagtutulungan ng mga LGUs at Philippine National Police sa pagpapatupad ng ating mga community quarantine protocols.

Pinaig --- atin pong inatasan ang Philippine National Police na pag-ibayuhin ang pagpapatupad ng minimum public health and safety protocols sa bansa.

Inaasahan din natin ang pambansang kapulisan na siguraduhing hindi maaabala ang pagbiyahe ng mga APORs or authorized persons outside residence, mga cargos, kabilang na ang essential goods and services.

Dapat din ay siguraduhin ng ating kapulisan na higpitan ang pagbabantay sa mga vaccination areas, sa mga pampublikong pamilihan, sa mga ayuda distribution centers ng LGUs.

Inaasahan din natin ang presensiya ng ating pulis sa mga quarantine at dedicated control points base sa quarantine classifications ng mga LGUs.

Para naman po sa National Capital Region na nasa interim bago po mag-ECQ, ang mga quarantine control points ay ilalagay sa mga borders ng NCR Plus bubble.

Subalit pagdating po ng August 6, ang NCR ay isasailalim na sa enhanced community quarantine at ang mga quarantine control points naman ay ilalagay naman po natin sa mga borders ng National Capital Region.

At dapat ay panatilihin din ng PNP ang close coordination sa mga LGUs through their Emergency Operation Centers at sa mga regional offices ng ating Kagawaran at ang coordination sa mga LGUs.

Paiigtingin din po ng ating local government units ang kanilang vaccination programs at pagpapatayo pa ng mga additional isolation facilities para sa ating mga kababayan, at ang paspasang contact tracing, testing at pag-isolate sa mga COVID positive.

[Next slide, please.]

Sa atin pong mga key messages. Para sa kaligtasan ng mamamayan, kailangan nating ipatupad and hard lockdown sa NCR at hinihingi natin ang pang-unawa at kooperasyon ng lahat ng ating mamamayan lalo na sa NCR upang labanan natin ang sinasabing Delta variant na kumakalat na po dito sa ating bansa.

Pangalawa, tinatawagan natin ang lahat na magpabakuna lalo na ang ating mga seniors at may mga kapansanan sa lalong madaling panahon. Ang bakuna ang ating panlaban sa COVID lalo na po ang Delta variant.

At ang pangatlo, patuloy ang kampanya laban sa ilegal na drugs hanggang maubos silang lahat kahit na po may kinakaharap tayong pandemic sa panahong ito.

Iyan lamang po at magandang gabi, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. We go now to Secretary Galvez. Ilan na ba 'yung stock natin? I'd like to know the inventory.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER & VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir. Mr. President, Senator Bong Go, my fellow Cabinet members. Good af --- good evening po.

Ngayong gabi po marami po tayong magagandang mga balita sa ating pagbabakuna.

[Next slide, please.]

Unang-una sa lahat, Mr. President, I am very proud to present that we were able to ano, to breach 20 million doses administered. With the help of our DOH and LGU, nakita po natin na-break natin 'yung record natin at saka objective natin.

Noong una, sir, maraming mga tao nag-aalala na hindi natin kayang ma-breach 'yung 20 million at 'yung tinatawag nating 'yung hamon nga natin sa ating National Vaccination Operation Center na they will administer 10 million this coming July.

Sa ngayon po nakita po natin ngayon, 20,863,544 doses na po ang ating nabakunahan ngayon. At ngayong araw po, most likely, 21 million na po tayo. At 11 million po ang --- [11,747,581] na Filipinos had taken their fist dose.

Ang maganda po, Mr. President, dito nagsimula tayo ng buwan na 3 million lang po 'yung ating second doses or fully vaccinated. Ngayon po, Mr. President, umarangkada po tayo ng more or less 6 million to 7 million po. And now we have 9.1 [million] Filipinos are fully vaccinated, which represents 12.87 percent of the targeted eligible population or 8.21 percent of the PH total population.

Pangalawa po, 'yung --- there was a significant increase in our daily jabs with this week daily average of 523,[018] doses. And we have a total of 3,661,123 jabs for the past seven days.

[Next slide, please.]

So ito po makikita po natin, Mr. President, ang talagang medyo challenge po natin itong sa senior citizens. Nakikita natin na hindi pa umaangat ang first dosing natin. Dati almost 2 million tayo, ngayon hindi tayo umangat, kakaunti lang po ang ating nabakunahan because of some sort of hesitancy sa ating mga A2.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung ano, 'yung ating accomplishment noong last July. We have achieved a total delivery of at least 16 million. Nakakuha po tayo ng 16.4. We are now 102 percent accomplished.

To administer 10 million doses of vaccines for the month of July. Ang nakuha po natin is 9.7 million, which is 97 percent.

Iyong number three is to breach weekly average of 300[,000] to 400[,000]. Nagawa po natin 'to, Mr. President, at 523,000 po ang jabs natin per day.

[Next slide, please.]

Sir, ang ano po natin, ang nakikita po natin 'yung --- 'yung variant kaya po nating i-beat 'yan. Kaya po ang ano po natin ay kinakausap na po natin ang ating mga kababayan na we need to act together and we can ano, we can defeat COVID-19. We can beat the Delta variant when we act together. BEAT po: Bayan, Everyone Acting Together. Maraming salamat po. *[applause]*

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Galvez. Now we go to Secretary Lorenzana.

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Yes, sir, very briefly. Good evening, Mr. President; good evening, Senator Bong; good evening, colleagues, here and virtually; at sa mga ating mga kababayang nanonood.

[Kindly flash my screen, please.]

Mr. President, I am going to brief you on the status of returning overseas Filipinos within the wide COVID-19 situation and the weather update which is being monitored closely by the NDRRMC and the OCD.

[Next slide. Next slide. Next slide.]

Ito po, Mayor, 'yung ano ngayon status ng mga OFWs. Mayroon nang dumating na 1.048 [million] OFWs. Nadagdagan po tayo ng 17,597 mula noong huli kong ulat noong 23 July. Ito naman po 'yung overseas Filipinos na atin ding tinutulungan pagka sila'y uma --- dumadating. Nadagdagan sila --- nadagdagan tayo ng 6,953.

Total po ng ating mga bumalik na mga Pilipino ay 1.3 million. Iyon lang po, Mr. President. Thank you.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Lorenzana. Secretary Roque, you have something?

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Yes, sir. Simulan ko muna po sa status ng ating mga community classification na inirekomenda po ng inyong IATF.

Dahil nga po sa pag-aaral at projection ng ating mga consultants sa IATF na aabot hanggang 500,000 ang kaso ng COVID dahil sa Delta variant pagkatapos po ng buwan ng Setyembre, minabuti po ng ating IATF na baguhin ang quarantine classification. At sa ibang mga lugar po ito ay magsisimula ng Agosto 1.

Simulan ko po 'yung mga lugar na mapapasailalim sa ECQ, mula --- hanggang Agosto 7 po: ang Iloilo City, Iloilo Province, ang Cagayan de Oro City, ang Gingoog City, ay mapapasailalim po sa ECQ. Ang NCR po mapapasailalim sa ECQ mula Agosto 6 hanggang 20.

Mapapasala --- mapapasailalim naman po sa MECQ hanggang Agosto 15: ang probinsiya ng Apayao, Ilocos Norte, Bataan, Laguna, Aklan, Lapu-Lapu City, Mandaue City at Cebu City.

Mapapasailalim naman po sa GCQ with heightened restrictions until August 15 ang mga probinsiya ng: Ilocos Sur, Cagayan, Bulacan, Cavite, Rizal, Lucena City, Naga City, Antique, Bacolod City, Capiz, Negros Oriental, ang Cebu Province, ang Zamboanga del Sur, ang Misamis Oriental, ang Davao City, ang Davao del Norte, ang Davao Occidental, Davao de Oro at ang Butuan City.

Ang NCR po ay mapapasailalim sa GCQ with heightened restrictions, with additional restrictions sa August 1 to 5. Ang pagkakaiba po niyan, wala po tayong indoor at saka al fresco dining sa Metro Manila, wala rin po tayong mass gatherings, ang mga religious worship po ay online lamang. At hindi na po pupuwede ang non-essential travels papunta at palabas po ng Metro Manila Plus Areas.

Mapapailalim naman sa GCQ ang mga sumusunod na lugar: ang Baguio City, Santiago City, Quirino, ang Probinsiya ng Isabel, Nueva Vizcaya, ang Probinsiya ng Batangas, ang Probinsiya ng Quezon, Puerto Princesa City, ang Guimaras, ang Negros Occidental, ang Zamboanga Sibugay, ang Zamboanga City, ang Zamboanga del Norte, ang Davao Oriental, ang Davao del Sur, ang General Santos City, Sultan Kudarat, Sarangani, North Cotabato, South Cotabato, Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Norte, Surigao del Sur, Dinagat Island, at ang Cotabato City.

Ang mga lugar na hindi po natin nabanggit ay mapapasailalim sa MGCQ. Maraming salamat, Mayor.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Roque. I'll ask Attorney Abalos, Benhur, to talk first sa panel.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN "BENHUR" ABALOS JR.: Magandang gabi po, Mr. President, Senator Bong Go, at sa lahat po ng mga Cabinet secretaries.

Ire-report ko lang po `yung mga pinaplano ng mga alkalde during the ECQ. Unang-una po, nagpapasalamat po kaming lahat dahil po sa ayuda, napakabilis po kaagad nadesisyunan. Sinabi nga ni Spox Harry, napakaimportante po ng ayuda dahil talaga pong mahirap mag-ECQ dahil kawawa po `yung mga mahihirap nating kapatid.

Ire-report ko lang, Mr. President, at sa mga nanonood po ngayon, na habang may ECQ ay magtatrabaho ang mga mayors.

Number one po, napag-usapan na namin ang mga palatuntunan. May curfew po tayo para limitahan ang paggalaw. Magiging alas-8 na ho ng gabi hanggang alas-4 ng umaga.

Pangalawa po, ang ating public transportation ay dire-diretso lang po. Ito po ay para sa ating mga frontliners, mga essential workers at higit sa lahat po, sa mga magpapabakuna.

At pangatlo, ang truck ban po ay sinuspinde namin para dire-diretso po ang delivery ng mga cargo.

Pang-apat, ang quarantine passes po ay ang mga LGUs na po, ang mga mayors na ang mag-i-issue kung ano po ang ginawa nila noong araw, sapagkat gahol na po kami sa oras `no, nasa mga mayors na rin po ito.

Ang liquor ban po ay nasa mga mayors na rin po. And, of course, ang border controls po ay pinag-usapan. Of course, nandiyan po si Secretary Año `no, inaayos na po nila `to, ng mga kapulisyahan.

Mr. President, gusto ko lang sabihin na ang susunod na dalawang linggo ng ECQ ay talagang magtatrabaho po ang lahat dito, hindi na ho magpapahinga dahil magbabakuna po kami. Nakahanda po kami hanggang sa 250,000 a day na bakuna.

Ang mga --- dati ho ang pinakamaraming nagawa namin ay 200,000 lang. This will be a tall order, Mr. President, sapagkat habang ginagawa po namin `yung bakuna, ay ginagawa rin ng mga alkalde `yung pagbibigay ng ayuda, sabay.

Gusto ko lang pong i-announce na `yung mga senior citizens, `yan po ang focus ng ating mga LGU. In fact, sa August 5 po, sa Wednesday, ima-mark po namin na sa amin, sa Mandaluyong, 100 percent na po ang bakunadong senior citizen `no. Talagang awa ng Diyos natapos na rin po ito.

At lastly, ang mga mayors po sa Metro Manila, kasama ang national government, ay nagkakaisa, iisa lang po ang boses, iisa lang po ang patakaran. Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Chairman Abalos. Can I call on the Director General of the FDA? Atty. Domingo?

FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO: Yes, sir. Magandang po, Mr. President; Senator Go; at saka sa mga kasama po natin sa Cabinet na nakasama po niyo sa meeting.

Bigyan ko lang po kayo, sir, nang kaunting update, which are very encouraging naman po na makikita natin ang mga numbers sa mga nabakunahan po, lalo na po sa mga hospital `no.

At this time po, mayroon na pong 21 vaccines all over the world. May sa --- pito na mayroong EUL from WHO, at sa atin po mayroong walo `no na mayroon EUA.

[Next slide po.]

Ito po `yung latest, sir, na pag-aaral ng WHO. Nakita naman po na `yung mga vaccines na currently under use, `yung atin pong ginagamit, lahat po `yan halos may EUL po `yan, ay nakikita naman po na kahit na bumababa nang kaunti `yung sa Delta virus ang protection, nare-reduce nang kaunti against symptomatic disease. However, `yun pong protection against severe disease and death is retained.

At maipapakita po natin ngayon `yan. Mayroon po akong piniling mga nume --- mga report po galing sa dalawang ospital: unang-una po `yung Lung Center of the Philippines; pangalawa po `yung Philippine General Hospital.

These are two COVID referral hospitals. So marami po silang pasyente na may COVID. Pangalawa, ang mga health workers po dito ay exposed sa napakataas na viral load, but at the same time, mataas po ang vaccination rate ng kanilang health workers. At siyempre po 'yung health workers natin madalas po 'yan naka-maskara, mahilig maghugas ng kamay at sumusunod sa health protocols.

[Next slide, please.]

So ito po naman 'yung mga Delta variant na nakita po, sir, sa PGH. Simula po sa last week ng June hanggang nito pong July, mayroon po silang nakita na 20 --- 21 cases po 'no ng Delta variant sa PGH.

At ito po 'yung characteristics nila: iyon pong walo sa kanila mga na-admit po ito 'no, mga moderate to severe, and all of them were unvaccinated, mga hindi pa po nabakunahan sa community ito. Mayroon din pong mga nagpa-swab lamang, kaya po na-detect natin sa PGH. Iyong susunod na numero, 'yung walo, mga outpatient po ito at umalis din tapos po nag-contact tracing, all of these were also unvaccinated.

So 'yung mga vaccinated lang po na nakita na may COVID na Delta variant sa PGH ay 'yung mga healthcare workers po na nabakunahan pero nagkaroon pa rin sila ng COVID. Mayroon pong nabakunahan ng Sinovac, may nabakunahan ng AstraZeneca, pero lahat po 'yung limang 'yun ay gumaling. Wala pong nagkaroon ng severe COVID sa mga 'yun.

Iyon naman pong mga unvaccinated, kung titingnan po natin, iyon pong 16 na hindi healthcare workers, none of them were fully vaccinated. At kung titingnan po natin 'yung category, iyon pong asymptomatic isang unvaccinated. Iyong mild, karamihan po dito 'yung mga vaccinated and some of the unvaccinated. Pero iyon pong mga severe at saka 'yung mga critical, either unvaccinated po ito or partially vaccinated lamang. Talaga pong hindi po 'yung... Iyong mga fully vaccinated, hindi po nagkaka-severe disease at hindi po namamatay. At iyon nga pong namatay natin ay isang unvaccinated at isang partially vaccinated.

Ngayon, kung titingnan po natin ito, bagamat sinasabi nga po kanina nila Secretary Duque na sobrang nakakahawa po itong Delta variant more than any other variants, however, in PGH na kung saan po araw-araw sila po ay exposed dito, mayroon lamang pong lilima na nagkaroon po ng Delta variant at gumaling pa po lahat.

Noong nag-contract tracing po sila doon sa mga exposure nito, out of 400 po na kinontact (contact) trace nila sa PGH, dadalawa lamang po ang lumabas na positive. Ibig sabihin, it wasn't as contagious when it came to the PGH kasi nga po unang-una karamihan po sa mga tao doon ay vaccinated. At pangalawa, sumusunod po sila sa mga health protocol. So iyon po ang ano 'no.

[Next slide.]

Iyon po ang ating nakikita na aral. Basta po tayo ay nabakuhan natin ang karamihan sa atin pong mga kababayan, we know that it will work because vaccination prevents COVID-19 infection. At iyon naman pong nagkaka-infection, nape-prevent din po 'yung severe illness at saka 'yung pagkamatay. At importante din po talaga na makumpleto po 'yung dalawang dose.

Iyon pong mga unvaccinated at saka hindi fully vaccinated, mas malaki po ang risk nila 'no sa pagkaroon ng sakit at pagkamatay kaysa po compared doon sa mga fully vaccinated. And as additional protection, we really have to observe health protocols. Kapag po tayo ay na-complete ang vaccine and we observe health protocols, then it's very, very unlikely that we will get severe illness or that we will die from COVID-19.

Iyon lang po, sir. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Can I have the panel? Secretary Nograles?

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maayong gabii, Mr. President; Senator Bong Go; and mga kasamahan natin sa Gabinete.

Mr. President, ipagpatuloy ko lang 'yung reports ng mga Cabinet clusters niyo po. At ngayong gabi, iyong accomplishments ng Participatory Governance Cluster headed by DILG Secretary Ed Año and co-chaired by DBM Secretary Wendel Avisado.

[Next slide.]

Sa ilalim ng PGC cluster po, dito po papasok 'yung paghihikayat natin sa mga mamamayang makibahagi sa pagtukoy at paghanap at paglutas ng mga suliranin ng bansa at paglapit natin ng pamahalaan sa ating mga kababayan at kasama na diyan 'yung citizen participation in governance and decision-making at kasama diyan 'yung implementation sa grassroots level, pagtataguyod ng kapayapaan, pagpapahusay ng kakayanan ng ating mga LGUs, at 'yung mabuting pangangasiwa para sa maayos na serbisyo publiko.

[Next slide.]

Sa COVID-19 response, Mr. President, 665.72 billion pesos na po ang na-release ng DBM sa iba't ibang ahensya at departamento ng gobyerno para sa kanilang mga COVID-19 response programs. Mula doon, 84.5 percent or 562.18 billion ay obligated na and 88.4 percent or 497.07 billion ay disbursed na ng mga ahensya.

Mula sa Bayanihan I na 387.17 billion pesos na in-authorize, 93 percent ay obligated na and 95 percent ang disbursed na po. At mula naman sa Bayanihan II na nagkakahalaga ng 205 billion pesos, obligated amount is 91.58 percent. Ang disbursement po ay nasa 141.45 billion pesos.

Nagkaroon din po ng mga patuloy na mga regional and national dagyaw sessions. Ito 'yung tungkol sa mga education, employment at stimulus packages po natin at ang pagbabahagi nito sa iba't ibang mga regions. Two hundred twelve thousand (212,000) mahigit na participants ang nag-participate dito para magkaroon ng open space and for participants to raise their questions and concerns on key national and local programs.

Tungkol naman po sa Mandanas-Garcia ruling na alam naman po natin ay magiging fully implemented na po next year, pinirmahan niyo na po 'yung Executive Order No. 138 para sa mas malawak na autonomiya na ipagkakaloob natin sa mga LGUs sa pagsapit ng year 2022, next year po. Kaya patuloy 'yung pag-prepare natin sa capabilities ng mga LGUs natin to deliver basic social services and uphold good government.

And, of course, sa National Vaccination Rollout natin, hindi magiging matagumpay ito kung wala po 'yung participation ng ating mga LGUs. Kaya nandiyan din po 'yung DILG at nagpapasalamat din tayo sa PNP at Bureau of Fire and Protection para sa pagtulong and their assistance in the vaccination sites.

Ang PCOO ay nagkakaroon ng mga daily briefings about COVID-19 at sa laban natin against COVID-19. Ang FOI po natin ay nag-translate sa FOI Ordinances in 25 local government units and ang electronic FOI din po natin ay nabuo under your administration, Mr. President, where 485 government agencies made information publicly available on their website.

At pinaka-last na lang po 'yung government portal natin --- [*Next --- last slide.*] --- iyong www.gov.ph ay mayroong mga 222 linked services making government services easier to access. Mayroon tayong public access sa data.gov.ph for 1,921 resources and 330 data sets ang made available po diyan. Feedback mechanisms sa gov.ph at Open Data Portal.

And gaya nang sinabi ko, 'yung DevLIVE app natin ay naka-gather ng 5,237 feedback to monitor the LGU projects. And out of 117 countries, the Philippines secured the 10th spot sa Southeast Asia for budget transparency worldwide. Ito ay ayon sa 2019 Open Budget Survey.

Since ang COA also has Citizen Participatory Audit programs involving 97 CSOs, capacity building of CSOs and dialogues with CTAs. And then of course 'yung Laging Handa information campaign natin at 'yung vaccine information management system natin developed under your watch para sa patuloy na information dissemination and campaign natin sa ating mga kababayan.

Iyan lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Nograles. And I think there's --- isa na lang --- si Sal. Iyong ano mo. Give us the last words of wisdom in governance.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR

PANELO: Magandang gabi po, Ginoong Pangulo; kay Senador Christopher "Bong" Go; at sa lahat ng mga kasamahan natin sa Gabinete.

Gusto ko lang pong ibahagi sa inyo, Ginoong Pangulo, na sa akin pong paglalakbay ng tatlong araw diyan po sa Cordillera Region kung saan ay nakadaupang-palad po natin ang gobernador ng Ifugao, ang gobernador ng Mountain Province, ang mga lahat ng LGUs, ng mayors, barangay kapitan diyan po sa mga probinsiyang binanggit natin kasama ang Kalinga, Apayao ay mayroon po silang mga concerns, mga hinaing na gusto pong ipaabot sa kagalang-galang na Pangulo.

Ang pangunahin po nila, ang unang-una nilang pare-parehong sinasabi nila ay kung maaari daw na gawan daw po natin ng paraan ang restoration ng world-renowned Rice Terraces sapagkat nagsisimula na raw po 'yung mahigit na isang daang taon na napakagandang Rice Terraces ay medyo nag-e-erode, nagigiba, kaya kailangan na pong magkaroon ng restoration galing sa national government.

At ang karamihan din po sa kanila diyan sa Kalinga, Apayao, mayroong 43 mga barangay, eh ang hinaing po nila ay walang-wala o kulang na kulang daw po ang kanilang mga farm-to-market roads kung saan hindi nila maidala 'yung kanilang mga agricultural products.

Ganoon din po 'yung isang nagrereklamo naman sa kanilang isang barangay, diyan daw po sa lugar ng Bontoc area. Iyong kanila daw pong lugar ay ang area nila sa totoo lang daw ay 26 hectares --- 26 na ektarya pero lumalabas daw po ay walong kilometrahe lamang ang --- o walong ektarya lamang kaya 'yung kanilang mga allotment siyempre mas maliit kasi lumalabas maliit ang area nila.

Eh nagkaroon na raw po ng land management measurement nito at nandiyan na daw po sa opisina ng Presidente, matagal na, kaya naghihintay po sila ng aksyon. Samantala, mayroon din pong pakiusap na iyon pong mga barangay kung maaari daw po 'yung --- hindi ko alam kung paano gagawin ito ---

iyong mga pondo raw po na nakalaan sa barangay, kung maaari puwede daw po bang idiretso sa kanila at hindi na dumaraan sa mga siyudad o munisipyo? Sapagkat daw hindi raw nakakarating 'yung nararapat sa kanila, iyon ay sang-ayon sa kanila. Kung maaari daw po ay idiretso sa kanila.

Iyon naman pong --- mayroon ding inirereklamo sila, sa halip na matuwa sila sa devolution ng mga district hospitals eh kasi na-devolve na po, from national government napunta na sa mga lokal. Eh ang reklamo naman po nila, eh sabi nila wala naman pondo. Wala naman pera ang mga LGUs kaya 'yung mga ospital namin lalong nagkakaproblema. Wala naman kaming pondo. Papaano 'yung mga equipment namin? Papaano 'yung mga sa ospital, mga staff o whatever?

Tapos ito naman pong sa Sagada naman, ang pakiusap naman po sapagkat ito pala'y lahat po ng 12,000 mga residente doon, eh ang kanilang talagang means of livelihood lamang ay turismo. Kung maaari naman daw po dahil

one year and a half na sila, kung gusto po sana nila magbukas naman. Kaya lang kung maaari daw po ay bakunahan naman sila doon para daw makabukas man lamang sila ng kanilang mga pangnegosyo.

Ito naman pong mga iba marami pong humihingi ng ambulansya at mga patrol cars tapos mayroon pa hong problemang malaki na inirereklamo ho sa kanila, may 200 pamilya ang nawalan daw po ng bahay sapagkat iyong kanilang mga tinitirhan ay tinamaan ng right-of-way. So madali't sabi, nagkaroon ng expropriation, eh 'di na-demolish po silang lahat doon.

So iyong dalawang daang pamilya ay hindi na malaman kung saan titira. Kung saan-saan na lamang kaya humihingi po sila sa National Housing Authority ng housing units kung puwede silang mapagbigyan.

Iyon naman pong reklamo ng karamihan doon sa Cordillera Region, wala daw po silang Internet. Hirap na hirap sila. Iyon daw pong mga anak nila, papaano naman daw makakapag-aral? Eh 'yung mga tablets, mayroon ngang tablets, hindi naman magamit. Mayroong laptop, hindi naman po magamit.

Eh katunayan noong tinawagan ko kayo, eh hindi ko kayo ma-contact sa Viber. Wala eh. Kaya kung maaari naman daw po eh ayudahan naman sila tungkol diyan sa Wi-Fi. Ang problema pa rin po nila eh gusto rin po nilang malaman naman daw 'yung posisyon ng pamahalaan doon sa matagal na nilang hinihinging Cordillera Autonomous Region, para pong nabinbin daw.

Iyon lang po ang gusto kong ipaabot sa inyo, Ginoong Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Panelo. Let me just assure everybody, anywhere in the Philippines, that the vaccines that we are giving is for all Filipinos. It's just a matter of priority ka dito sa iyong mga hotspots kagaya ng mga Maynila and the environs. Nandito lahat 'yung ano eh --- iyong tao so 'yung transmission mas mabilis. Pero kung sabihin mo na mabigyan sila, mabigyan sila. We commit. I'm sure Secretary Galvez here is a very astute administrator. Walang mawala dito na sabi na hindi mabigyan.

It's just a question of... Alam mo kasi ganito. Uulitin ko, ang problema talaga ng Pilipinas ay wala tayong supply na maganda kasi kung mayroon, maibigay na natin sa lahat.

If we have numbers in sufficient vaccines, hindi na sila maghintay. Ibigay na natin kaagad. It's just a matter of handling --- our worry is the handling and how the effic --- the efficacy of the vaccine is protected. Pero gusto namin pagdating ibigay na kaagad. Uunahin lang natin 'yung mainit na lugar na maraming tao. More persons, more transmission; less a crowd, less transmission.

Ang problema dito, ang supply po wala talaga, kulang. Kaya inuuna natin 'yung mga lugar na sinasabi ko na where the transmission can be really --- faster than the usual in places na wala masyadong tao.

Tingnan natin kung ano pero sa mga nabisita mo and I was also --- I was able to talk to them yesterday and sinabi ko sa kanila na it's not a matter of this national government forgetting you. We are always conscious of our duty to protect all Filipinos but then it's not --- it's not a way of saying to protect that we give all because we cannot have the vaccines.

Kailangan natin na dahan-dahan lang. I-una natin 'yung mga mainit na lugar tapos as the supplies come in, we are buying, we have the money, Secretary Dominguez assured us, we are buying. At ako ang magpapa --- parami nang parami 'yan, it will be distributed to all of the local government units, including the far-flung areas na hindi na maabot. We will see to it. I'm sure Secretary Galvez will see to it na dadating 'yung mga bakuna doon.

Ang amin lang is ang handling niyan kung gaano kalayo 'yung lugar ninyo because this bakuna ano ito eh 'yung fragile. It's handled with utmost care na pagka mali ka, it's either mawawala 'yung bisa, hindi mo ma-maintain 'yung temperature and there are so many problems that will arise exponentially. Papatong-patong na ang problema kung hindi tayo preparado.

So walang problema 'yan, Secretary Panelo. Tell them that we are ever conscious of our duty to be fair to everybody. But in controlling a pandemic, you should also use your --- gamitin mo 'yung utak mo na unahin mo kumbaga sunog, unahin mo muna 'yung conflagration kaysa dito sa ano lang maliliit pa na... Of course, it is as important as to anybody. Pero kaya nga ang kung nandiyan na 'yung supply, eh di bitawan na namin lahat 'yan. Eh ang kulang talaga ang supply.

So we have a supply coming I think a few days from now. I'm going to go to the airport because the United States donated 3 million --- the Moderna. Kaya ano give and take lang tayo.

So pasalamat tayo sa kanila at maibigay naman na --- may naibigay na naman ako sa kanila na concession.

I consider the continuance of --- to the --- continuance of the Visiting Forces Agreement. In gratitude, I said, ano lang mahirap 'yan.

Nagpapasalamat tayo. I'd like to thank President of the United States, si Biden, the government and the people of America for not forgetting us. Do not forgive --- do not forget us because we share --- we share the same outlook sa geopolitics dito sa ---especially in Southeast Asia.

So ganoon, I'm sure that I took a little bit a long time to maipakita ko 'yung the dangers of drugs. Talagang number one 'yan hanggang sabi ko hanggang to the last day, avoid drugs. If you want... You know, it's just simple, sabihin mamatay? You want to live? Just drop the drugs.

Komunista, you want to live a normal life? Drop the guns. I'll give you the house and I'll give you the money to start. Eh wala kayong mapa... Komunista, sige lang kayo away diyan. Ano kayo? Para lang kayong mga sundalo na nawala na sa panahon. Anong --- what purpose are you trying to show to the world? That you are capable of killing people? That's what you are showing to us and to the world.

Wala naman kayong nakuha ni isang barangay. You have not been --- you have not been successful in all your ideological confrontations. Ang naiwan sa inyo magpatay ng tao lang. For what? Iyan lang? Katapos kayo... You know, it's a two-way affair. Magpatay kayo pero papatayin rin kayo talaga ng sundalo ko. Ganoon 'yan eh. Kung sino lang. Mabu --- may burol ka sa gubat, may burol kami dito sa mga kampo. Parang paramihan lang tayo ng patay dito.

Wala talaga. Sabi ko sa inyo, drop --- drop the gun, drop the armed struggle, wala talagang mangyari, sabi ko sa inyo. Wala na 'yung mga lider ninyo, puro matatanda na. Wala na, wala ng... Their brains are no longer not as good as noon siguro. Ngayon, wala eh it's almost --- it's gone, period.

So, maraming salamat sa inyong [pagtangkilik] --- [*Pagtangkilik ba 'yan?*] --
- for listening to us and maraming salamat. [*applause*]

--- END ---